

【タガログ語】

Taong Reiwa 2, Abril 13

Sa lahat ng magulang

Lupon ng Edukasyon lungsod ng Tsu

りんじきゅうぎょう かかわ
臨時休業に係る子どもの受け入れについて (タガログ語)

Tungkol sa pagtanggap sa mga bata sa panahon ng pagsuspendi ng klase

Ayon sa ulat, kasalukuyan ay may 15 katao na ang may impeksyon sa prepektura ng Mieken. Laganap na rin sa karatig bayan ang impeksyon.

Sa nakaraang Abril 10, ay naglabas ng deklaryasyon ukol sa lathalang [Agarang pagpapahayag upang itigil ang pagkalat ng impeksyon] at (Agarang pagdeklara Upang hindi kumalat ang impeksyon) tungkol sa sakit na Bagong coronavirus sa loob ng Mieken

Bilang isang paraan upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng coronavirus sa lungsod ng Tsu, sinasauna muna namin ang ligtas na kalusugan ng mga bata.

Dahil dito, idinedeklara namin ang pagsuspende ng pasok sa kompolsaryong paaralan sa lungsod ng Tsu simula sa Abril 15 (Wen) hanggang Mayo 6 (Wen) sa lahat ng pampublikong Kindergarten, Mababang paaralan at Sekondaryang paaralan.

Kapag ang mga magulang ay hindi makakakuha ng pahinga sa trabaho at walang mapapag-iwanang magbantay sa bata o hindi rin pwedeng maiwang mag-isa sa bahay, magsasagawa po ng pagtanggap ang pinapasukang kindergarten at eskwelahan ng inyong anak.

記

1 Nilalaman

Habang walang pasok sa eskwelahan, kailangang lumagi ang bata sa loob ng bahay, ngunit dahil na rin sa may trabaho ang mga magulang, at mahirap magbalanse ng iskedyul, gayun din sa paghahanap ng mapag-bibilinang kamag-anak, na kahit anong gawin ay kinakailangang maiwanang mag-isa sa loob ng pamamahay ang bata.

Magsasagawa po ng pagtanggap ang kindergarten at eskwelahan.

2 Pakiusap sa gagawing pagtanggap

- Una, alamin muna kung paano ibabalanse ang trabaho at makiusap sa kamag-anak.
- Tungkol sa bilang ng araw na ipapakiusap sa eskwelahan, kahit na nasubukan na ang mga nakasulat sa itaas at wala paring nangyari, ipinakikiusap na limitahan ang hihilinging araw na pababantayan ang anak.

- Sa mga batang papasok sa kinder at eskwelahan, kapag ang mga miyembro ng faculty ay nakumpirma na nahawahan sa bagong coronavirus, ipatigil ang pag-tanggap sa mga bata sa kindergarten at eskwelahan, pareho din sa ibang kompolsaryong paaralan ng kindergarten, mababang paaralan at sekondaryang paaralan sa lungsod ng Tsu at pag-aaralan kung ipagpapatuloy ang pagtanggap.
- Kapag nakitaan ng lagnat o may senyales ng trangkaso, o mayroong problema sa kalusugan ang bata, eto ay hindi maaaring tanggapin.
- Responsibilidad po ng magulang ang paghahatid at pagsundo sa mga bata.
- Dahil sa walang pagkain sa eskwelahan, padalhan ng pananghalian ang anak.
- Kuhanan ng temperatura araw-araw sa umaga at alamin ang sitwasyon ng kalusugan
- Mangyaring gumawa ng mga hakbang laban sa mga nakakahawang sakit katulad ng paghuhugas ng kamay.
- Ugaliing maglagay ng mask at magkaroon ng etiketa sa pag-ubo

3 Araw at Oras ng pagtanggap at ibapa.

【Kindergarten】 Ordinaryong araw, sa pagitan ng 8:30 ng umaga hanggang alas 2:00 na hapon, pumili ng kinakailangang oras.

【Elementarya, Sekondarya • Kompolsaryong edukasyon】 Ordinaryong araw ng 8:30 am hanggang 3:30 pm pumili ng kinakailangan oras.

※ Ngunit, Hindi kasama ang araw ng pagpasok sa paaralan ayon sa napagkasunduan.

4 Nilalaman ng aktibidad (Halimbawa)

Para sa **【Elementarya, Sekondarya • Kompolsaryong edukasyon】**

Pansariling aral, Pagbabasa, Paglikha ng mga proyekto (Drawing, Clay art at ibapa)

※Mag dala ng Gagamiting libro sa sariling pag-aaral, Drill, Notebook.

5 Paraan ng pag-aaplay

- Kailangang mag-bigay ng papeles ang magulang sa eskwelahan at humingi ng pahintulot isang araw bago pumasok, kung nais na humiling maalagaan ang inyong anak,

【Tagapangsiwa】

Tsu City Board of education Secretariat

School Education Division

TEL 059-229-3244